

1. Paunawa Mula sa Tochigi City Tax Office

Sa Japan bilang tuntunin ay kinakaltas ang withholding tax tuwing sahod sa mga kumpanya kung saan nagtratabaho ang mga empleyado at tuwing katapusan ng taon ay ginagawa ang tax adjustment para sa fiscal year.

Kung nais mag-apply ng tax exemption para sa mga dependents gaya ng asawa o iba pang mga kamag-anak na hindi nakatira sa Japan ay dapat ipagbigay alam sa kumpanyang nagbabayad ng sahod na nagpapadala ng sustentong pinansyal sa mga dependents para sa kanilang pangaraw-araw na pamumuhay o edukasyon. Subalit kung ang kumpanya ay hindi inilalahad sa year-end adjustment ang tax deductions para sa mga dependents sa kadahilanang hindi ito naipagbigay alam sa kanila ay maaari mismong sarili ang magfile ng income tax returns.

Itinakda ang panahon mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso ng 2023 upang maghain ng income tax return. Ang lugar ay sa main hall ng Tochigi Chamber of Commerce Industry o Tochigi Shokokaigisho.

Ang residenteng dayuhan na maghahain ng income tax return ay kinakailangan ang kopya ng mga sumusunod: withholding tax certificate, alien card, bank book at iba pang mga dokumento.

Bilang karagdagan, mahalaga rin ang mga dokumento na may kinalalaman sa ugnayan sa mga dependents na wala sa Japan at mga katibayan na nagpapadala ng sustento sa mga ito. Kung ito ay nakasaad sa wika maliban sa wikang hapon ay nararapat na ito ay isalin sa nihonggo.

Kung pupunta sa nasabing venue para magfile ng income tax ay kailangan ng admission stub o ticket na ipapamahagi sa lugar sa araw mismo ng pagpunta o makukuha rin ito sa Line mula sa National Tax Agency Line Account.

2. Mga Pamamaraan Upang Maka-iwas sa Pagkakahawa ngayong Taglamig.

Kung sabay magkakaroon ng outbreak ng Covid 19 at Influenza ngayong taglamig ay inaasahan ang pagdagsa ng mga outpatients sa mga pagamutan at mga klinika para sa mga may karamdaman nito.

Upang bigyan proteksyon ang sariling kalusugan ganundin ang mga malapit sa atin ay kinakailangan ng maghanda ng maaga.

Una sa lahat ay mahalagang dapat huwag mahawaan at pigilan magkaroon ng pagkakahawa. Muli ay pinapaalala ang mga pangunahing pamamaraan upang maka-iwas sa impeksyon tulad ng pakisasalamuha sa iba, mariing pagdis-impekta ng mga kamay, pagsuot ng face mask at pagventilate ng silid. Kasunod ay ang pagsaalang-ala upang magpabakuna sa itinalagang Omicron Strain Vaccine at bakuna para sa Influenza.

Bilang karagdagan, kung nagkaroon ng lagnat at iba pang sintomas ay maaaring hindi kaagad makapunta sa mga pagamutan kaya dapat mag-imbak ng gamot at kailangang tiyakin at tumawag muna sa mga itinalagang consultation centers o pagamutan kung nagkaroon ng karamdaman.

Kasama sa mga dapat ihanda ay ang pagkuha ng lagnat(thermometer), mula 5 hanggang 7 araw na supply ng pagkain, gamot para sa lagnat at ang bagong uri ng Covid 19 antigen test kit.

Mahalaga ring tiyakin kung saan maaring kumonsulta para sa mga outpatient clinic para sa mga may lagnat.

Kung nagkaroon ng sintomas gaya ng lagnat ay maaaring tumawag sa 24 oras na medical consultation center sa numero 0570-05-2092.

Kung hindi masyadong nakakaintindi ng Nihonggo ay mangyaring tawagan ang Tochigi Consultation Support Center for Foreign Residents sa numero 0286-78-8282 bukas din sila 24 oras at may mga tagasalin sila ng 20 ibat-ibang lengwahe.

Hinihiling na maging handa sa lahat ng oras.

3. Tungkol sa Japanese Language Class na "Uzuma-re".

Ang "Uzuma-re" Japanese Language ng Tochigi International Community ay may 3 klase, ang Tochigi Chuo Class, Ang Ohira Class at ang Introductory Class.

Ang Tochigi Chuo Class at Ohira Class ay nag-aalok ng beginner's level classes para sa mga dayuhang nais matuto ng mga salita at ekspresyon na karaniwang ginagamit sa mga sitwasyong nakakaharap sa pangaraw-araw na pamumuhay upang makipag-usap at ihayag ang ang nararamdaman at kung ano ang nais sabihin.

Ang Tochigi Chuo Class ay may klase apat na beses sa isang buwan tuwing miyerkules mula alas 10:00 hanggang alas 11:30 ng umaga. Ang lugar ay sa Kyokuto Tochigi Kura no Machi Rakushukan. Ang Ohira Class ay ginaganap tuwing una at pangatlong Sabado ng bawat buwan mula alas 10:00 hanggang alas 11:30 ng umaga sa Ohira Community Center sa Ohira Machi. Ang Introductory Class naman ay may 12 sessions bawat term at inilaan ito sa mga hindi nakakapagsalita ng kahit anong Nihonggo. Ituturo dito ang kung paano magsulat ng Hiragana at Katakana. Ituturo rin ang mga simple at karaniwang ginagamit na greetings at iba pa. Ang araw at oras ay tuwing Martes mula alas 10:00 ng umaga hanggang alas 12:00 ng tanghali. Ang lugar ay sa Kyokuto Tochigi Kura no Machi Rakushukan.

Kung nais dumalo sa Japanese Language Classes na mga ito ay tumawag muna sa Tochigi International Community sa numero 0282-25-3792. Maari ring direkta ng pumunta sa mga nasabing venues sa mga araw at oras na may Japanese Language Class.

Halina at maglibang sa pag-aaral ng Nihonggo.